

Kung meron mang mga pagbabago o kataliwasan sa pagitan ng mga bersyong English/Chinese at Tagalog nitong dokumento, ang English/Chinese na bersyon pa rin ang siyang mananaig.

Mahalagang Impormasyon Hinggil sa Pagbubukas ng Account

Pagbubukas ng Account

Sa mga kamakailang taon, mas dumami ang mga internasyonal na pagkilos laban sa mga ilegal na gawain, kasama na ang money laundering, pagpipinasiya ng mga terorista at pag-iwas sa pagbayad buwis.. Ito, kasabay ng mga sari-saring rehimen ng pagpapataw, ay nagtulak sa mga bangko na pahasayin ang kanilang mga pagkontrol laban sa money laundering at pagpipinasiya ng mga terorista sa pangkalahatan, kasama ang mas mahigpit na proseso ng nararapat na pagsusuri sa mga mamimili (CDD) para sa mga umiiral at bagong mamimili. Kaya, kumpara noong nakalipas na lima o sampung taon, ang proseso ngayon ng pagbubukas ng account ay tunay na mas masalimuot at nangangailangan ng mas mahabang panahon.

Maliban sa mga lokal na kinakailangan, ang ilang mga bangko ay kailangan ding sumunod sa mga kinakailangan o pamantayan na iniuutos ng kanilang mga punong tanggapan o awtoridad sa ibayong-dagat. Kaya ang mga kinakailangan sa pagbubukas ng account ng mga bangkong ito ay maaaring magbago. Kung gusto mong magbukas ng isang bank account, makakatulong ang paglapit mo sa ilang bangko upang ikumpara at mamili ng mga serbisyo na akma sa iyong mga pangangailangan.

Kung mayroon kang anumang opinyon o tanong hinggil sa pagbubukas ng account o pagsasapanahon ng impormasyon sa account, mangyaring kontakin ang HKMA.

Email: accountopening@hkma.gov.hk

(i) Proseso ng Pagbubukas ng Account

Kailangan ng mga bangko na isagawa ang CDD upang maunawaan ang mga pinanggalingan at pangangailangan ng mga mamimili bago magbukas ng mga bank account. Tumutulong ito na magbigay ng mga akmang serbisyo sa pagbabangko sa kanilang mga mamimili. Kung ang mamimili ay nagbigay ng sapat na impormasyon sa bangko para isagawa nito ang proseso ng CDD, ang proseso ng pagbubukas ng account ay maaaring makumpleto sa loob ng ilang araw para sa mga simpleng kaso.

Mga indibidwal na mamimili	Mga mamimili na korporasyon (Pinapayuhan na maagang magtanong/gumawa ng appointment online/sa telepono)
Kumpletuhin ang lahat ng mga kinakailagang dokumento at isumite ang mga aplikasyon sa sangay ng direkta o sa pamamagitan ng internet	
Panloob na pahintulot ng bangko	
Magsumite ng mga karagdagang dokumento/impormasyon (kung kinakailangan)	
Abiso ng bangko sa resulta ng aplikasyon	

(i) **Impormasyon na Kinakailangan**

Katulad ng ibang mga sentrong pampinansiyal, iba-iba ang mga checklist ng impormasyon na kinakailangan para sa pagbubukas ng account ng mga bangko sa Hong Kong dahil ang mga indibidwal na bangko ay bumubuo ng mga polisiya alinsunod sa kanilang sariling estratehiya at pagtatasa sa maaaring panganib sa negosyo. Karagdagan pa, maliban sa mga lokal na kinakailangan, ang ilang mga bangko ay nangangailangan ding sumunod sa mga kinakailangan o pamantayang iniuutos ng kanilang mga punong tanggapan o awtoridad sa ibayong-dagat. Kaya ang mga kinakailangan sa pagbubukas ng account ng mga bangkong ito ay maaaring magbago.

Sa pangkalahatan, ang mga bangko ay maaaring kumuha ng sumusunod na impormasyon o mangailangan ng mga nararapat na orihinal na dokumento kapag pinangangasiwan ang mga aplikasyon ng bank account na personal o korporasyon:

- (i) Mga indibidwal na mamimili:
 - (ii) Mga dokumento ng pagkakakilanlan, halimbawa:
 - (A) ID
 - (B) Dokumento sa paglalakbay o passport
 - (iii) Patunay ng tirahan, halimbawa:
 - (A) Isang bayarin na inisyu ng isang kompanya ng tubig o kuryente o internet
 - (B) Isang pahayag o sulat na inisyu ng isang institusyong pampinansiyal
 - (C) Isang sulat mula sa kagawaran o ahensiya ng Pamahalaan
 - (D) Isang pagkilala ng pagtanggap ng mamimili bilang tugon sa sulat na ipinadala ng bangko na nagpoproseso ng aplikasyon sa pagbubukas ng account sa tirahan na ibinigay ng mamimili
 - (E) Isang kasunduan sa pagpapaupa ng Kagawaran ng Panloob na Kita
 - (F) Anumang ibang patunay ng tirahan na maaaring tanggapin ng bangko

Mangyaring tandaan na ang impormasyong kinakailangan para sa pagbubukas ng account na inilatag sa itaas ay para sa pagsasangguni lamang. Ayon sa mga totoong sirkumstansiya (tulad ng mga pinanggalingan ng mga aplikante, ang mga hiniling na serbisyo ng bangko, atbp.) at ang kanilang mga pagtatasa sa maaaring panganib, ang mga bangko ay maaaring mangailangan sa mga aplikante na magsumite ng ibang mga uri ng o karagdagang impormasyon o dokumentasyon, halimbawa ay impormasyon at dokumento na may kaugnayan sa Batas ukol sa Pagsunod ng Dayuhang Account (FATCA) at Awtomatikong Palitan ng Pinansiyal na Impormasyon ng Account (AEOI), atbp. Maaaring kontakin ng mga mamimili ang mga kinauukulang bangko o bisitahin ang kanilang mga website upang tingnan ang kinakailangang impormasyon.

- (i) Mga mamimiling korporasyon:
 - (ii) Mga dokumentong pagkakakilanlan ng korporasyon, halimbawa:
 - (A) Sertipiko ng inkorporasyon ng kompanya
 - (B) Ulat ng kompanya mula sa rehistro ng kompanya
 - (C) Memorandum at mga artikulo ng samahan ng kompanya
 - (iii) Impormasyon ng (mga) makikinabang na may-ari, halimbawa:
 - (A) Dokumento ng pagkakakilanlan ng (mga) makikinabang na may-ari
 - (B) Mga detalye ng pagmamay-ari at istruktura ng pagkontrol ng kompanya
 - (iv) Layunin at nilalayon na kalikasan ng account, bilang halimbawa:
 - (A) Layunin ng account
 - (B) Mga inaasahang gawain ng account
 - (C) Kalikasan ng negosyo at moda ng operasyon
- (i) Impormasyon ng tao na kumikilos sa ngalan ng mamimili, bilang halimbawa:
 - (A) Dokumento ng pagkakakilanlan ng taong kumikilos sa ngalan ng mamimili
 - (B) Dokumento ng pagpapahintulot

Mangyaring tandaan na ang impormasyong kinakailangan para sa pagbubukas ng account na inilatag sa itaas ay para sa pagsasangguni lamang. Ayon sa mga totoong sirkumstansiya (tulad ng mga pinanggalingan ng mga aplikante, ang mga hiniling na serbisyo ng bangko, atbp.) at ang kanilang mga pagtatasa sa maaaring panganib, ang mga bangko ay maaaring mangailangan sa mga aplikante na magsumite ng ibang mga uri ng o karagdagang impormasyon o dokumentasyon, halimbawa ay impormasyon at dokumento na may kaugnayan sa Batas ukol sa Pagsunod ng Dayuhang Account (FATCA) at Awtomatikong Palitan ng Pinansiyal na Impormasyon ng Account (AEOI), atbp. Maaaring kontakin ng mga mamimili ang mga kinauukulang bangko o bisitahin ang kanilang mga website upang tingnan ang kinakailangang impormasyon.

(i) Ano ang mangyayari kung tinanggihan ng bangko ang iyong aplikasyon?

- (ii) Sa pangkalahatan, ang mga bangko ay dapat magbigay ng mga dahilan para sa pagtanggap sa mga aplikasyon ng pagbubukas ng account. Karagdagan pa, ang mga bangko ay nagtatag ng mekanismo ng pagrepaso [*to embed link*] (pindutin ang link para sa impormasyon ukol sa nararapat na impormasyon ng pakikipag-ugnayan ng mga bangko, mayroon sa Ingles at Tsino) para sa mga di-matagumpay na aplikasyon. Ang mga tinanggihang aplikante ay maaaring humiling sa mga bangkong kinauukulan na muling suriin ang kanilang mga aplikasyon ng pagbubukas ng account.
- (iii) Pumunta sa ibang bangko para sa magbukas ng account. Mangyaring sumangguni sa mga detalye sa pakikipag-ugnayan ng mga bangko [*to embed link*] (pindutin ang link para sa impormasyon ukol sa nararapat na impormasyon ng pakikipag-ugnayan ng mga bangko, mayroon sa Ingles at Tsino).
- (iv) Kontakin ang HKMA (Email: accountopening@hkma.gov.hk) upang magkomento o magtanong.

(i) Pagsasapanahon ng Impormasyon ng Account

Ayon sa mga internasyonal na pamantayan sa AML/CFT, karagdagan sa pagsasagawa ng proseso ng CDD kapag nangangasiwa ng mga aplikasyon sa pagbubukas ng account, kinakailangang repasuhin at isapanahon nang regular ng mga bangko ang impormasyon ukol sa mga umiiral na mamimili. Ang dalas at lawak ng mga pagrepaso ay depende sa profile ng maaaring panganib ng mga mamimili. Kaya, maaari kang tumanggap ng mga liham mula sa mga bangko na nangangailangan sa iyo na isapanahon ang impormasyon ng mamimili o gawain ng account, kahit na ang mga bank account ay pinanatili sa loob ng maraming taon. Gayunman, dapat sikapin ng mga bangko na tulungan ang mga mamimili sa proseso. Kung ang mga mamimili ay nahihirapan sa pagtugon sa mga kailangang impormasyon ng mga bangko, maaari silang tumawag sa mga bangko upang magtanong.

Ang impormasyong napapanahon ay hindi lamang tumutulong sa mga bangko na protektahan ang mga mamimili mula sa maaaring panganib ng panlilinlang at pinansiyal na krimen, nakakatulong din ito sa mga bangko upang mas mahusay nilang maunawaan ang mga pangangailangan ng mga mamimili at ibigay ang mga pinakaakmang serbisyo at produkto.

(i) Ang mga bangko ay hindi dapat...

Kapag nagsasagawa ng mga hakbanging CDD, ang mga bangko ay hindi dapat humiling ng mga di-makatwirang impormasyon sa kanilang mga mamimili na di-angkop o di-nararapat sa pagtatasa ng maaaring panganib. Halimbawa:

- (i) Nangangailangan sa lahat ng mga director at makikinabang na may-ari ng isang korporasyon sa ibayong-dagat na nandoon mismo ng personal sa pagbubukas ng account;
- (ii) iniutos na lahat ng mga dokumento ng isang korporasyon sa ibayong-dagat ay sertipikado ng isang tagasertipiko sa Hong Kong;

- (iii) humihiling ng start-up upang magbigay ng parehong antas ng detalye sa track record nito, plano ng negosyo at maaaring kitain bilang isang matagal nang itinayong kompanya;
- (iv) umaasa ng sertipiko ng pagpapatala sa negosyo ng Hong Kong para sa lahat ng mga aplikante o ebidensiya ng isang tanggapan ng Hong Kong para sa lahat ng mga korporasyon sa ibayong-dagat, na walang kinalaman sa modelo ng negosyo o moda ng operasyon;
- (v) nangangailangan ng napakarami o napakadetalyadong impormasyon sa pinagmumulan ng yaman na maraming dekada na ang nakalipas at walang kinalaman sa mga maaaring panganib na ng relasyon o uri ng serbisyo na inaalok (hal. MPF account, mga batayang serbisyo sa pagbabangko na may maliit na balanse) na napakahirap o imposible para sa mamimili na ibigay; at
- (vi) tinatanggi ang pagbubukas ng account base sa mga di-makatwirang mataas na benchmark tulad ng balik na inaasahan o totoong benta.

(i) Papel ng HKMA

Ang HKMA ay gumawa ng mga hakbang upang pakitunguhan ang usapin ng pagbubukas ng account na hinaharap ng ilang mga mamimili ng korporasyon. Ang aming layunin ay panatilihin ang isang malusog na rehimen ng AML/CFT sa Hong Kong na hindi pinahihina ang akses ng mga lehitimong negosyo at ordinaryong mamamayan sa mga batayang serbisyo sa pagbabangko.

(a) Namamayani ba ang usapin ng pagbubukas ng account sa Hong Kong?

Base sa mga komento at impormasyon na kinolekta ng HKMA, ang mga hirap na hinaharap ng mga maliliit at katamtaman ang laki na negosyo (mga SME) at mga start-up sa pagbubukas ng mga bank account ay hindi lumilitaw na usapin sa buong industriya. Ang usapin ay mas tungkol sa isa o dalawang internasyonal na bangko na karaniwang unang pinipili ng maraming kumpanya na nagnanais na makapagbukas ng isang bank account. □ay ilang magandang pagbabago sa sitwasyon pagkatapos na mailabas ang isang circular ng HKMA ukol sa sa “Pag-alis sa Maaaring Panganib at Pagsasamang Pinansiyal” sa lahat ng mga bangko noong Setyembre 2016.

(b) Ano na ang nagawa ng HKMA upang tugunan ang usapin ng pagbubukas ng account?

Pinahahalagahan ng HKMA ang usapin na may kinalaman sa hirap ng pagbubukas ng mga bank account, at patuloy na tinatalakay ang mga usapin, kasama ang:

- (i) Isinama namin ang sari-saring stakeholder, kasama na ang mga kamara ng komersiyo na lokal at ibayong-dagat at samahang SME, upang magkaroon ng malaliman at ganap na pag-unawa sa sitwasyon, kinalap namin ang mga detalye ng mga insidente na may kaugnayan sa mga hirap sa pagbubukas ng mga bank account, at nilakad ang mga kaso sa mga naayong bangko.
- (ii) Naglabas ang HKMA ng isang circular ukol sa “Pag-alis sa Maaaring Panganib at Pagsasamang Pinansiyal” sa lahat ng mga bangko noong 8 Setyembre 2016, na nagpapaalala na ang mga bangko ay dapat na mag-angkop ng isang pamamaraan na “base sa maaaring panganib” sa pangangasiwa sa mga aplikasyon ng pagbubukas ng account at pagsasagawa ng patuloy na nararapat na pagpupunyagi para sa mga umiiral na mamimili. Dapat ding tiyakin ng mga bangko ang isang makatwiran at patas na pagtrato sa lahat ng mga umiiral at magiging mamimili, kasama ang:
 - (iii) pagpapahusay ng pagiging malinaw ng proseso ng pagbubukas ng account at ng CDD sa pamamagitan ng paglalatag nang malinaw ng impormasyon at dokumentasyon na kinakailangan para sa proseso ng CDD, ipinapaliwanag ang basehan ng sa impormasyong hiniling, tumutulong sa mga mamimimili sa pagkuha ng mga hakbang o pagbibigay ng mga alternatibo na maaaring makatulong na matugunan ang prosesong CDD, at pagpapakilala ng mga mekanismo ng pagrepaso para sa mga di-matagumpay na aplikante;

- (iv) pagpapanatili ng epektibong komunikasyon sa mga mamimili sa pamamagitan ng, halimbawa, pagbibigay ng mga interim na pagpapanahon hinggil sa pagsulong ng kanilang mga aplikasyon, napapanahong puna sa mga resulta ng kanilang mga aplikasyon, at kung tinanggihan ang aplikasyon, ang naangkop na dahilan ng pagtangi.
- (v) Dapat ding magbigay ang mga bangko ng sapat na pagsasanay sa kanilang kawani na humaharap upang matiyak ang pare-parehong implementasyon ng mga nararapat na hakbangin.
- (vi) Ang HKMA ay naglabas pa ng “Mga Madalas na Itanong Hinggil sa CDD” noong 29 Setyembre 2016 at 25 Mayo 2017 upang linawin sa mga bangko ang ilang mga karaniwang kinakailangan ng CDD na maling binibigyan ng kahulugan.
- (vii) Nagtayo kami ng isang task force upang pangasiwaan ang mga pampublikong opinion at tanong na may kinalaman sa hirap sa pagbubukas ng account at pagpapanahon ng impormasyon sa account, at bumuo kami ng nakatuong pahina sa website ng HKMA para sa komunikasyon sa mga stakeholder.
- (viii) Magkokomisyon ang HKMA ng mga programa para sa misteryosong pamimili upang tingnan at tasahin ang pagiging epektibo ng mga hakbangin ng mga bangko sa pagpapahusay ng mga komunikasyon sa mga mamimili, at magsasagawa ng tematikong pagrepaso sa mismong lugar upang manmanan ang implementasyon ng mga bangko ng lapit na “base sa maaaring panganib”.

(c) Ano ang kahulugan ng mga bangko na nag-aapply ng pamamaraan na “base sa maaaring panganib” sa pagbubukas ng account?

Ang ibig sabihin ng “base sa maaaring panganib” ay dapat iakma ng mga bangko ang mga antas ng maaaring panganib ng mga indibidwal na mamimili alinsunod sa kanilang mga pinanggalingan at sirkumstansiya, at iapply ang mga karampatang hakbangin na makapagbabawas ng maaaring panganib at CDD, sa halip na pag-aangkop ng iisang pamamaraan para sa lahat ng mamimili sa proseso ng pag-aprub ng account.

Mga opinyon o tanong

Kung may anumang opinyon o tanong ka hinggil sa pagbubukas ng account o pagpapanahon ng impormasyon sa account, mangyaring kontakin ang HKMA.

Email: accountopening@hkma.gov.hk